Entrep

Aralin 1

# Ang Entrepreneur: Mga Pamamaraan(Processes) sa Matagumpay na Entrepreneur (2 Days)

UNANG LINGGO

**I. NILALAMAN**

Sa araling ito, matutukoy natin ang mga oportunidad na maaaring pagkakitaan at mga kaalaman at kasanayan na dapat taglayin upang maging matagumpay na entrepreneur at mapahusay ang isang produkto upang maging iba sa iba.

**II. LAYUNIN**

1. Natututukoy ang mga oportunidad na maaaring mapagkakitaan ( products and services) sa tahanan at pamayanan.
   1.1. Spotting opportunities for products and services
2. Napahahalagahan ang wastong paggamit ng pera o kinita.

**III. PAKSANG ARALIN**

**Paksa:** Pagtukoy sa mga opportunidad na maaaring mapagkakitaan (products and services) sa tahanan at pamayanan.

**Sanggunian:** K to 12 – EPP5IE-a-1, TG. dd. _____, LM. dd ._______

**Kagamitan:** larawan ng mga matagumpay na entrepreneur at mga tingiang tindahan, tsart, tarpapel, pentel pen, manila paper

**IV. PANIMULANG PAGTATASA**

Alam mo ba ang mga kasanayan at kaalaman na dapat taglayin upang maging matagumpay na entrepreneur?

Ano-ano ang mga maaaring pagkakitaan kahit nasa tahanan o pamayanan?

**V. PAMAMARAAN:**

**A. PAGGANYAK**

Itanong sa mga bata kung ano ang pinagkakakitaan ng kanilang mga magulang.

**B. PAGLALAHAD**

a. Pagmasdang mabuti ang mga larawan sa puno.  Piliin kung alin sa mga larawan ang mga pwedeng pagkakitaan sa tahanan o pamayanan.

Pumili ng larawan at sabihin kung bakit ito ang napili na pwedeng pagkakiktaan.

**C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN ( Group Activity)**

(Tingnan sa LM) Tukuyin at suriin ang mga negosyo o pinagkakakitaan.  Isulat ang mga kasanayan o kaalaman na dapat isagawa upang maging matagumpay na entrepreneur.

**D. PAGLALAHAT**

- Ano-ano ang mga oportunidad na maaaring mapagkakitaan sa tahanan at pamayanan?   Paano kaya ito magtatagumpay?  Ano ang dapat gawin sa mga kita o kinita?

**IV. PAGTATAYA:**

A.  Masdan ang mga larawan sa ibaba.  Tukuyin ang mga larawan na maaaring pagkakitaan. Lagyan ng tsek.





B.  Pumili ng isang pagkakakitaan at sabihin ang mga kaalaman at kasanayan Upang maging matagumpay na entrepreneur.

**V. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN**

Magmasid sa inyong barangay. Kapanayamin ang isang entrepreneur kung paano nila napagyaman at nagpagtagumpayan ang kanilang tingiang tindihan.
Iulat ito sa klase.

Entrep

Aralin 2

# Ang Entrepreneur: Mga Pamamaraan(Processes) sa Matagumpay na Entrepreneur (2 Days)

**I. NILALAMAN**

Tatalakayin natin sa araling ito ang kahulugan at pagkakaiba ng produkto at serbisyo na makakatulong sa atin na makapili o makabili ng may kalidad na produkto at ay tamang serbisyo.

**II. LAYUNIN**

1. Naipapaliwanag ang kahulugan at pagkakaiba ng produkto at serbisyo.
2. Masabi ang kahalagahan ng pabibigay ng isang de-kalidad na produkto o serbisyo.

**III. PAKSANG ARALIN**

**Paksa: 1.** Naipaliwanag ang kahulugan at pagkakaiba ng produkto at serbisyo.
**2.** Masabi ang kahalagahan ng pagbibigay ng isang de-kalidad na Produkto o serbisyo.

**Sanggunian:** K to 12 – EPP5IE-a-2, TG. dd. _____, LM. dd ._______

**Kagamitan:** larawan ng mga produkto , tsart, manila paper, tarpapel, pentel pen

**IV. PANIMULANG PAGTATASA**

Paano ka pumipili ng produkto na iyong bibilhin? Ano-ano kaya ang dapat isaalang-alang sa pagpili ng produkto at serbisyo?

## V. PAMAMARAAN:

### A. PAGGANYAK

Naghahanap ng mahusay na manggagawa ng kalamay ang isang malaking karinderya sa Siniloan. Dalawang aplikante ang nagprisinta, si Rina at Tina. Sino kaya sa kanila ang matatangap? Sinubukan silang pagawain ng kalamay. (Ipakita ang larawan)

**Si Rina**

Hmm. . . puwede na ito. Kailangan maunahan ko sa paggawa iyung isang aplikante

**Si Tina**

Tsk! Tsk! Hindi pa ito tama sa panlasa at timpla. Kailangang pang ayusin upang maging pulido at may kalidad






Image copied to domesticurbanite.com

Itanong: Sino sa palagay mo ang natanggap sa trabaho? Bakit?


E. PAGLALAHAD

. Magbigay ng mga salita na tumukoy sa produkto at serbisyo gamit ang spider web.


- **Produkto**




- **Serbisyo**



- **Kalidad**





Base sa mga salita na ibinigay sa spider web. Ano ang ibig sabihin ng produkto? Serbisyo? Kalidad?

Ano-ano ang pagkakaiba ng produkto at serbisyo? Ano-ano ang mga dapat Isaalang-alang sa pagpili ng produktong may kalidad?

C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN ( Group Activity)

Punan ang ven diagram sa LM.



D. PAGSASANIB

Mga dapat isaalang-alang sa pagpili ng may kalidad na produkto at serbisyo.

1. kapaki-pakinanabang
2. maaasahan
3. pangmatagalan
4. matatag
5. epektibo
6. mapagkakatiwalaan
7. nagbibigay saya
8. ligtas
9. maganda

D. PAGLALAHAT

Ipaliwananag ang pagkakaiba ng produkto at serbisyo?

Ano-ano ang mga dapat isaalang-alang sa pagpili ng may kalidad na produkto at serbisyo

**VI. PAGTATAYA:**

Tukuyin kung alin ang produkto at serbisyo. Ipaliwanag ang kanilang pagkakaiba.

1. Gumagawa ng sapatos si Mang Jose sa buong maghapon.

2. Gumagawa ng kaaya-ayang at maraming disenyong sapatos si Aling Maria.

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

**VI. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN**

Sa inyong barangay, maghanap ng taong gumagawa ng kakanin at kapanayamin ito. Itanong kung ano-ano ang kanilang produkto at serbisyo na kanilang ginagawa. Iulat ito Sa lanse

Entrep

Aralin 3

# Ang Entrepreneur: Mga Pamamaraan(Processes) sa Matagumpay na Entrepreneur (1 Day)

**I. NILALAMAN**

Sa araling ito, matutukoy natin ang mga taong nangangailangan ng angkop na produkto at serbisyo upang maging maaayos at kapakipakinabang para sa lahat.

**II. LAYUNIN**

1. Natutukoy ang mga taong nangangailangan ng angkop na produkto at serbisyo.
2. Masasabi ang mga pangangailangan ng isang kostumer.

**III. PAKSANG ARALIN**

**Paksa: 1.** Pagtukoy sa mga taong nangangailangan ng angkop na produkto at serbisyo.

**2.** Masabi ang mga pangangailangan ng isang kostumer.

**Sanggunian:** K to 12 – EPP5IE-a-3, TG. dd. _____, LM. dd ._______

**Kagamitan:** larawan, tsart, manila paper, tarpapel, pentel pen

**IV. PANIMULANG PAGTATASA**


Alam n'yo ba ang ating mga pangangailangan?

**V. PAMAMARAAN**

**A. PAGGANYAK**

Magaling ka bang manghula? Kaya mo bang hulaan o tukuyin kung sino ang tinutukoy sa sumusunod na talata?

Ordinaryong tao lamang ako, may mga pangangailangang material sa buhay. Hanap ko'y serbisyo at produkto na makasasagot sa aking pangangailangan. Kapag iyong natugunan ang aking pangangailangan, ikaw ay tatangkilikin magpakailanman. Sino ako?



**B. PAGLALAHAD**

1. Magpakita ng larawan ng mag-aaral, pulis, at empleyado.
2. Ipatukoy ang mga pangangailangang produkto at serbisyo ng bawat isa.
3. Itanong ang mga sumusunod na tanong.
    A. Ano-ano ang mga pangangailangan ng mag-aaral? Pulis? Empleyado?
    B. Pare-pareho ba ang kanilang mga pangangailangang produkto at serbisyo? Bakit oo? Bakit hindi?
4. Bumuo ng 4 na grupo. Magbigay nang 2 larawan sa kada grupo. Isulat ang kanilang mga pangangailangang produkto at serbisyo?
5. Tingnan sa LM dd. ___ ang mga katanungang dapat sagutin.
6. Iulat ito sa klase.

**C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN**

Tukuyin kung kaninong pangangailangan ang mga sumusunod na produkto at serbisyo. Isulat sa inyong sagutang papel. Sumulat ng kaunting paliwanag ukol sa iyong sagot. Tingnan sa LM.

**D. PAGLALAHAT**

Paano natin matutukoy ang mga taong nangangailangan ng tamang produkto at serbisyo?

**E. PAGTATAYA**

Tukuyin kung sino ang taong nangangailangan ng produkto at serbisyo tinutukoy sa mga sumusunod na sitwasyon. Pumili sa loob ng kahon.

| pasyente | sanggol | mag-aaral | guro | dyanitor |
|---|---|---|---|---|

_________________________ 1. Matibay, maganda at murang lapis at papel.

_________________________ 2. Sapat na gamit panturo sa paaralan.

_________________________ 3. Masustansayang, pagkain, gatas, bitamina at malinis na boteng pinagdedehan.

_________________________ 4. Matibay na kasangkapang panlinis ng paaralan.

_________________________ 5. Maayos na panggagamot ng mga kawani ng ospital.

VII. PANGWAKAS NA PAGTATASA

Tingnan sa LM. Tukuyin ang mga pangangailangan ng mga sumusunod.

VIII. PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Tanungin ang kasapi ng iyong pamilya kung ano ang mga pangangailangang produkto at serbisyo. Iulat ito sa klase.